

HALINA SA KATOTOHANAN

Sinulat ni :
Ahmed L. Barcelon



The cooperative Office For Call & Guidance and
Edification of Expatriates in North Riyadh

Tel: 4704466 - 4705222



بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

تم بحمد الله تعالى إعداد هذا الكتاب في مكتب توعية الحاليات
في الأحساء

تحت إشراف وزارة الشئون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد
الأحساء - الهافوف شمال جامع
الإمام فيصل بن تركي ٣١٩٨٢ ص.ب ٢٠٢٢
هاتف : ٥٨٦٦٧٢ فاكس: ٥٨٧٤٦٦٤

حقوق الطبع ميسرة لكل مسلم يرجو بذلك وجه الله تعالى

Ang Aklat na ito ay lathalain ng
Al-Ahsa Islamic Center
P.O. Box 2022, Hofuf , Al-Ahsa 31982
Tel.: 03/5866672 - Fax: 03/5874664

*Ipinahihintulot ang paglimbag ng aklat na ito upang
ipamahagi ng libre sa kondisyon na walang ano mang
gagawing pagbabago maliban sa pabalat nito.*

**HALINA
SA
KATOTOHANAN**

NI

AHMED (Arman) L. BARCELON

PAMBUNGAD

Hindi lingid sa atin ang isang katotohanan na naglipana ang napakaraming relihiyon. Ang bawa't isa ay nag-aangkin na nasa kanila ang katotohanan at puspusang nagbibigay katwiran sa kanilang doktrina. Ang masalimuot na paniniwala dulot ng mga doktrinang gawa lamang ng tao ang nagiging sanhi sa kaguluhan ng kaisipan ng tao. Ito ay nagdudulot sa karamihan na magkaroon ng malawakang pagtatanong sa sarili kung alin nga ba ang katotohanan na makapag-aakay sa kanila sa tamang landas.

Ang maikling paglalahad na ito ay masusing sinaliksik ng may akda upang ibahagi o iparating sa mambabasa ang tunay na aral at turo ng Islam na sadyang kaiba sa mga haka-haka o nababalitaan ng maraming di-Muslim.. Ito ay nagsisilbing daan din upang magkaroon ng magandang pagkakaunawaan ang Muslim at Kristiyano.

Nawa'y magdulot ito ng malinaw na pananaw lalo na sa ating mga kababaylan na naghahanap ng ganap na katotohanan at liwanag. .

Wala po kaming ibang hangarin at dalangin kundi tayo'y magkasama-samang maglingkod sa nag-iisang tunay na Diyos, ang *ALLAH* (*Subhanahoo Wa Taala*)¹

¹⁾ Ang Kapuri-puri at Kataas-taasan

PAUNANG SALITA

Ang lahat ng papuri ay sa Allah lamang, ang Panginoon ng mga nilikha. Nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasalahat ng Propeta, kay Propeta Mohammad, sa kanyang pamilya, sa kanyang mga kasama at sa lahat ng taong nasa tamang landas hanggang sa Huling Araw.

Bagama't napakaraming relihiyon ngayon ang umiiral sa Pilipinas, tanging ang Islam lamang ang napakalayo sa damdamin ng mga di-muslim. Ito ay hindi sa dahilang batid nila ang aral ng Islam, bagkus sila ay biktima ng malawakang paninira sa Islam ng mga bansang kanluranin na sumakop sa atin.

Ang isa sa mga layunin ng pagkatatag ng ISCAG-Philippines (Islamic Studies, Call & Guidance of the Philippines) ay ang maituwid ang minanang maling pananaw ng karamihang Filipino tungkol sa Islam at mga Muslim.

Taus-pusong pagpapasalamat sa may akda ng aklat na ito na si Ahmed-Arman L. Barcelon, dating Rev. Armando L. Barcelon. Siya ay yumakap sa Islam matapos niyang malaman ang tunay na aral ng Islam. Siya ay dating Pastor ng "Non-Sectarian Full Gospel Christian Ministry" na may License #1114 Vol. VIII pp. 64-65 sa Pilipinas.

Nawa'y makatulong ito sa lahat ng mambabasa na maunawaan ang Islam at mga Muslim.

Dalangin namin na tanggapin nawa ng Allah (*Subhanahoo Wa Taala*)¹ ang pagsusumikap na ito

**Khalid Evaristo
(ISCAG-Philippines)**

ANO ANG KAHULUGAN NG ISLAM ?

Ang katagang **ISLAM** ay nagsmula sa wikang Arabik na salitang ugat na "SLM" na ang ibig sabihin ay kapayapaan, kaligtasan, pagsuko at pagsunod. Samakatuwid, sa isang makahulugang pananaw, ang Islam ay ang pagsuko sa kalooban ng **Allah**² (*Subhanahoo wa Taala*) at pagsunod sa Kanyang mga alituntunin. Sa isang punto ng pangungusap, sa pamamagitan ng pagsuko sa kalooban ng **Allah** (*Subhanahoo Wa Taala*) at pagsunod sa Kanyang mga alituntunin ay doon lamang makakamit ang minimithi nating kapayapaan at kaligtasan.

Ang katawagan na ibinigay ng mga dinaniniwala sa relihiyong ito ay **Mohammedanismo** at ang tawag nila sa mga mananampalataya ay **Mohammedan**. Nais nilang ipakahulugan na ang mga Muslim ay sumasamba kay Propeta Mohammad (*Sumakanya nawa Ang Kapayaan at ang Pagpapula*).

2) Ito ang pansariling pangalan ng Diyos sa wikang Arabik na wika ni Propeta Mohammad (Sumakanya Nawa ang Kapayapaan at ang Pagpapala).

Iyan ay isang malaking kabulaanan at paninira, sapagka't hindi kailanman sumasamba ang mananampalatayang Muslim sa isang nilikha lamang. Ayon sa ulat ng isa sa batikang manunulat na Amerikano na si J. Michener³:

Sa kamatayan ni Mohammad, . . . ang tao na siyang magiging kanyang kapalit na tagapamahala⁴ ay pumutol sa mga di-pagkakamayaw nila sa pamamagitan ng isa sa mga pinakadakilang pangungusap ng kasaysayan:

"Kung sino man sa inyo ang sumasamba kay Mohammad, siya ay patay. Ngunit kung ang Diyos ang inyong sinasamba, Siya ay buhay magpakailanman."

Samakatuwid, isang malaking kamalian at kalapastanganan na ang mananampalatayang Muslim ay tawaging Mohammedan. Kagaya sa Kristiyanismo, karamihan sa Kristiyano ay sumasamba kay Jesus (sumakanya nawa ang kapayapaan). Kung hahayaang

3) James A. Michener, Islam: The Misunderstood Religion, in The Reader's Digest (American Edition), May 1955, pp. 68-70.

4) Abu Bakr as Siddiqi- the first Caliph

tawagin ang mga Muslim na Mohammedan, marami ang mangaliligaw sa paniniwala tungkol sa Islam.

At di-maglalaon marami ang magsasabi na ang Islam ay itinatag ni Propeta Mohammad (*Sumakanya Nawa ang Kapayapaan at ang Pagpapala*). Ang katotohanan ay hindi kailanman inangkin ni Propeta Mohammad (*Sumakanya Nawa ang Kapayapaan at ang Pagpapala*) na kanyang itinatag ang relihiyong Islam, bagkus ito ay naroroon na simula pa noong panahon ni Adan hanggang sa kasalukuyan. Ito ay ang ganap na pagsuko, pagsunod sa kalooban ng Allah (*Subhanaho Wa Taala*).

Ang Islam ay hindi isang panibagong Ideolohiya o ISMO na hinango mula sa pangalan ng nagtataug o nagpasimula; tulad ng KristianISMO na kinuha sa pangalan ni Kristo o JudaISMO na hinango sa tribo ng Juda o MarxISMO na hinango naman sa pangalan ni Karl Marx at iba pa. Higit sa lahat ang mananampalatayang Muslim ay hindi naniniwala na ang Islam ay itinatag ni Propeta Mohammad (*Sumakanya Nawa ang Kapayapaan at ang Pagpapala*). Kanya lamang **pinanumbalik** ang tunay at ganap na pagsamba sa Makapangyarihang Maylikha na itinuro ng lahat ng Propeta na nauna sa kanya.

SALIGAN NG PANANAMPALATAYA SA ISLAM

1. **Paniniwala sa nag-iisang Allah,** ang Makapangyarihan, Kataas-taasan, Mahabagin at Madamayin, ang Lumikha at Tagapagtustos. Ito ang pinaka-sensitibong aspetto sa pananampalataya sa dahilang ang lahat ng uri ng kasalanan ay pinatatawad ng Allah (*Subhanahoo Wa Taala*) maliban lamang sa pagkilala at pagsamba sa iba bukod sa Kanya. Ito ay sadyang napakabigat na kasalanan na magagawa ng isang tao laban mismo sa kanyang kaluluwa. Ito ang kauna-unahang tagubilin ng Aliah (*Subhanahoo Wa Taala*) sa Kanyang mga nauna pang mga Propeta. Ang bisa ng pananampalatayang ito ay ang ganap na pagtitiwala at pag-asa; pagsuko sa Kanyang naisin at ganap na pananalig sa Kanyang tulong.

Ang Islam ay nagtatakwil sa paglalarawan sa Allah (*Subhanahoo Wa Taala*) sa anupamang anyo ng tao o bagay sa mundong ito. Ating mababasa sa Kor'an:

*Sa ngalan ng Allah,
Ang Mahabagin at Maawain*

"Sabihin: (O Muhammad) Siya ang Allah, Ang nag-iisa .Si Allah ang dinudulugan ng lahat sa kanilang pangangailangan. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak. At walang isa mang katulad sa Kanya.

Kor'an 112

"Sya ang Allah, walang diyos na dapat sambahin maliban sa Kanya. Sya ang nakababatid ng nalilingid at nalalantad. Sya ang Maawain, ang Mahabagin. Sya ang Allah, walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Kanya. Sya ang Hari, ang Banal, ang Walang Kapintasan, ang Tagapagbantay ng pananampalataya, ang Tagapangalaga, ang Makapangyarihan, ang Tagapagpatupad, ang Kataas-taasan Purihin ang Allah na sadyang malayo sa lahat ng mga itinatambal sa Kanya. Sya ang Allah, ang Manlilikha, ang Taga-gawa, ang Tagahubog. Sa Kanya ang lahat ng magagandang pangalan. Ang lahat ng nasa kalangitan at kalupaan ay nagpupuri sa Kanya. Sya ang Makapangyarihan, ang Maalam."

Kor'an 59: 22-24

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ ۝

اللَّهُ الصَّمَدُ

لَمْ يَكُنْ لَّهُ كُفُواً أَحَدٌ ۝

وَلَمْ يَكُنْ لَّهُ كُفُواً أَحَدٌ ۝

هُوَ اللَّهُ الَّذِي لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ عَنِّيْلُ الْغَيْبِ
وَالشَّهَدَةُ هُوَ الرَّحْمَنُ الرَّحِيمُ

هُوَ اللَّهُ الَّذِي لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْمَلِكُ
الْقَدُّوسُ السَّلَامُ الْمُتَّقِيْمُ الْمُهَيْمِنُ
الْعَزِيزُ الْجَبَارُ الْمُتَكَبِّرُ
سُبْحَانَ اللَّهِ عَمَّا يَصِرِّيْكُونَ ۝

هُوَ اللَّهُ الْخَلِيلُ الْبَارِئُ الْمَصْوُرُ لَهُ
الْأَسْمَاءُ الْحُسْنَى يُسَيِّدُ لِمَمَّا فِي السَّمَاوَاتِ
وَالْأَرْضِ وَهُوَ الْعَزِيزُ الْحَكِيمُ ۝

At maraming talata sa Biblia na nag-uulat na iisang Diyos lamang ang dapat sambahin ng tao. Ang ilan sa mga talatang ito ay ang mga sumusunod:

"Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa harap ko. Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuhan o ng kawangis man ng anumang anyong nasa itaas sa langit o ng nasa ibaba ng lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa." Exodus 20: 3-4

"At ito ang buhay na walang hanggan, na kilalanin ka nila, ang iiisa at tunay na Diyos, at si Jesus na Iyong sinugo." Juan 17:3

"Sapagka't Ako ay Diyos, hindi tao." Oseas 11:9

2. **Paniniwala sa lahat ng mga Propeta ng Allah (*Subhanahoo Wa Taala*) na walang pagtatangitangi.** Bawa't lahi ay nagkaroon - ng Tagapagpaalaala o mensahero mula sa Allah (*Subhanahoo Wa Taala*). Sila ay hinirang ng Allah (*Subhanahoo Wa Taala*) upang ipahayag ang Kanyang kalooban sa tao na ang pangunahing layunin ay ang ganap na pagsamba sa Allah (*Subhanaho Wa Taala*)(Kor'an 16:36). Sila ay pinili sa iisang

layunin na akayin, bigkisin, at pag-isahin ang tao sa isang matuwid na pananampalataya. Si Propeta Mohammad (*Sumakanya Nawa ang Kapayapaan at ang Pagpapala*) ay ang panghuling Sugo na ipinadala sa lahat ng sangkatauhan. Sang-ayon sa ***Hadith***⁵ ay may isanda't dalawampu't apat na libong Propeta at tatlong daa't labing tatlong Sugo na dalawangpu't limang pangalan ng Sugo ay binanggit sa Kor'an. Ang lahat ng mga Propetang iyan at Sugo ay iiisa ang kanilang dalang mensahe mula sa Allah (*Subhanahoo Wa Taala*) - - Ang Islam, Ang pagsuko at pagtalima sa Kalooban ng Allah (*Subhanahoo Wa Taala*).

3. **Paniniwala sa mga kasulatan at pahayag ng Allah** (*Subhanahoo Wa Taala*): Ang mga kapahayagan na inihatid ni Anghel Gabriel at tuwirang natanggap ng mga Propeta mula sa Allah (*Subhanahoo Wa Taala*) na dapat ipamuhay ng tao. Ang banal na Kor'an ay nagbabangit sa mga kasulatan na ipinahayag kina Propeta Abraham,

5) Ang mga naitalang praktikal na ipinamuhay ni Propeta Mohammad (*Sumakanya Nawa ang Kapayapaan at ang Pagpapala*), ang kanyang sinabi, ginawa, ipinahintulot at, kanyang pagpapaliwanag sa mga mensahing ipinagkaloob sa kanya ng Allah (*Subhanahoo Wa Taala*).

Moses, David, Jesus, at Mohammad (*Sumakanila nawa ang kapayapaan*).

Subali't ang mga naunang banal na kasulatan ay nangawala na **at ang ilan sa mga kasulatan na nangatira ay talamak na pinalitan ayon sa interes ng mga nagkukunwaring lingkod ng Allah** (*Subhanahoo Wa Taala*)⁶.

Ang tanging tunay at dalisay (na ang Allah (*Subhanahoo Wa Taala*) mismo ang nag-iingat sa Kanyang mensahe) na nananatili sa ngayon at ito ay mananatili hanggang sa araw ng paghuhukom ay ang Kor'an. (Kor'an 15:9) Maging ang isa sa magaling at batikang kritiko ng Islam na si Ginoong William Muir ay nagsabi; "May probabilidad na walang ibang aklat sa buong mundo maliban sa Kor'an na nananatili ng labing dalawang siglo (ngayo'y labing-apat) na mapanganaligan at dalisay ang nilalaman."

4. Paniniwala sa mga Anghel ng Allah (*Subhanahoo Wa Taala*). Sila ay mga lingkod ng Allah (*Subhanahoo*

6) Mrs. Ellen G. White, "a prophetess" (?) of the Seventh Day Adventist Church, in her Bible Commentary, Vol. 1 p.14.

Wa Taala) na may kanya-kanyang tungkulin at ang kanilang panahon ay nauukol lamang sa pagsamba sa Allah (*Subhanahoo Wa Taala*). Ang tagahatid ng mensahe ng Allah (*Subhanahoo Wa Taala*) sa mga hinirang na Propeta at Sugo ay si Anghel Gabriel. Si Anghel Miguel ay namamahala sa ulan at pananim. Si Anghel Israfil ay siyang iihip ng trumpeta sa Araw ng Paghuhukom. Ang iba'y tagakuha ng kaluluwa ng tao sa oras ng kanilang kamatayan at ang iba'y abala sa pagtatala ng mga gawa ng tao (Kor'an 50:17-18). May mga namamahala sa bawa't pintuan ng Paraiso (Kor'an 13:24) na nagsasabing "Kapayapaan para sa inyo dahil sa inyong pagtitiiis. Tunay ngang napakahusay ang inyong huling Tahanan!"

5. **Paniniwala sa Araw ng Paghuhukom.** Darating ang panahon na ang mundong ito ay lilipas at magwawakas. Kailan? Tanging ang Allah (*Subhanahoo Wa Taala*) lamang ang nakababatid. Ang mga nangamatay ay muling bubuhayin upang humarap sa isang makatarungang paglilitis. Ang may magagandang talaan ay gagantimpalaan ng ipinangakong Paraiso ng Allah (*Subhanahoo Wa Taala*). Ang mga taong may masasamang talaan

ay parurusahan sa nangangalit na naglalagablab na apoy..

Ang lahat ng ating mga ginawa sa mundong ito, ikinilos at sinalita ay nakatala sa isang sagradong talaan. At sa araw na iyon ay bubuksan ang mga talaang ito. At ang mga babalang ito ay tiyak na magaganap na naihayag sa *Kor'an*:

"At ano ang makapagbibigay-alam sa iyo kung ano ang Araw ng Paghuhukom? At ano nga ba ang makapagbibigay-alam sa iyo kung ano ang Araw ng Paghuhukom? (Ito ang) ang Araw na walang sinumang tao ang magkakaroon ng kakayahang (upang gumawa ng anuman) sa iba; at ang pagpapasiya sa Araw na yaon ay tanging sa Allah (lamang)".

Kor'an 82:17-19

"Kaya't binalaan Ko na kayo ng naglalagablab na apoy, walang papasok doon kundi ang sawing palad."

Kor'an 92; 14-15

وَمَا أَذْرَكَ مَا يَوْمُ الْدِينِ ١٧

شَمَّ مَا أَذْرَكَ مَا يَوْمُ الْدِينِ ١٨

يَوْمَ لَا تَمْلِكُ نَفْسٌ لِنَفْسٍ شَيْئًا

وَالْأَمْرُ يَوْمَ الْحِجَّةِ ١٩

فَانْدَرِجْ كُلُّ نَارٍ تَلَظُّى ٢٠

لَا يَصْلَحُهَا إِلَّا آثَمَنَى ٢١

لَرْوُتْ الْجَحِيْمَ

ثُمَّ لَرْوُهَا عَنِ الْيَقِيْنِ

ثُمَّ لَتُشَعَّلُ يَوْمَيْدٍ عَنِ الْعَيْمِ

"Katiyakan inyong makikita ang Impiyerno. Tunay, maki-kita ito ng inyong mga mata ng maliwanag! Kaya't sa Araw na yaon kayo ay tatanungin sa ligaya (inyong tinamasa sa lupa)."

Kor'an 102: 6-8

At maging ang Biblia ay nagpapahayag tungkol sa Araw ng Paghuhukom:

"Kung matapos nating makilala at tanggapin ang katotohanan ay magpapatuloy pa rin tayo sa pagkakasala, wala nang haing maihahandog sa ikapagpatawid ng ating mga kasalanan. Wala nang natitira kundi ang nakapangingilabot na paghihintay sa darating: Ang Paghuhukom at ang nagngangalit na apoy na tutupok sa mga kalaban ng Diyos!"

(Magandang Balita Biblia)

Hebreo 10: 26-27

"At nakita kong nakatayo sa harap ng trono ang namatay, maging dakila at maging hamak, at

binuksan ang mga aklat. Binuksan ang isa pang aklat, ang aklat ng buhay. Hinatulan ang mga patay ayon sa kanilang ginawa, gaya ng nasusulat sa mga aklat. Iniluwa ng dagañ ang mga patay na nasa kanya. Inilabas din ng kamatayan at ng Hades ang mga patay na nalagak sa kanila. Hinatulan ang lahat ayon sa kanilang mga ginawa."

Pahayag 20:12-13

Handa ka na bang humarap sa babalang ito? Kung hindi pa, halina't magpasakop tayo sa kalooban ng Allah (*Subhanahoo Wa Taala*).

6. **Paniniwala sa Tadhana:** Ang mananampalataya ay naniniwala sa Kapangyarihan ng Allah (*Subhanahoo Wa Taala*), na anuman ang Kanyang naisin sa Kanyang nilikha ay iiral sa lahat ng sandali at panahon. Siya ay Maunawain at Maalam, ang lahat ng Kanyang mga plano ay may makahulugang layunin. Kaya't kung minsan, kapag tayo'y dumaranas ng mga paghihirap, huwag nating isipin na tayo'y tinitikis ng Allah (*Subhanahoo Wa Taala*), bagkus ito'y isang pagsubok lamang. Kung ito'y ating malalagpasan, tangan pa rin ang pagsunod sa

kalooban Niya, ang kapalit nama'y kasaganaan na hindi nating kayang liripin. Ang lahat ng bagay na nangyayari sa mundo ay sakop ng kalooban ng Allah (*Subhanahoo Wa Taala*). Nagaganap ang mga bagay na iyan upang higit nating Siyang makilala. Kung kaya't anuman ang mangyari, tanggapin natin ng buong pananampalataya ang kanyang naisin, na kung mins'a'y hindi kayang arukin ng ating kaisipan.

ANG LIMANG HALIGI NG ISLAM

Ang Islam ay isang pananampalataya ng kapuwa paniniwala at pagsasagawa. Ang pananampalatayang walang pagsagawa ay walang buhay at sigla. Ang paniniwala ay nagiging mahalaga lamang kung ito ay maisakatuparan sa buhay. Ang bawa't Muslim ay may itinakdang tungkulin na dapat isagawa bilang tanda ng kanilang matapat at marubdob na paniniwala at pagmamahal sa Allah (*Subhanahoo Wa Taala*). Ang limang haligi o pundasyon ng Islam ay mahigpit na ipinag-uutos sa bawa't nananampalataya. Isang kasalanan sa sinumang Muslim, na ginawaran ng lakas at kakayahan, na talikuran ang kanyang pagtupad kahit isa man sa mga ito.:

1. **SHAHADATAIN** : Pagpapahayag sa kaisahan ng Allah (*Subhanahoo Wa Taala*) at Pagkaprofeta ni Mohammad (*Sumakanya Nawa ang Kapayapaan at ang Pagpapala*). Ang Paghahayag na ito ay kailangan magmula sa puso at buong pagkatao ng isang mananampalataya; na walang ibang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah (*Subhanahoo Wa Taala*), na Siya ang Makapangyarihan, ang Lumikha ng Langit at Lupa. At si Propeta Mohammad (*Sumakanya Nawa ang Kapayapaan at ang Pagpapala*) ang Kanyang huling Propeta at Sugo sa lahat ng Sangkatauhan hanggang sa Araw ng Paghuhukom (Kor'an 33:40). Ito ay kapasiyahan na ang isang mananampalataya ay handang magpasakop at matatay ayon sa turo at aral ng Islam.
2. **SALAH (Ang Pagdarasal)**: Ito ay ang pag-aalay ng panalangin limang beses isang araw bilang natatanging paglilingkod sa Allah. Ang haliging ito ng Islam ay itinuturing na pinakamahalagang pundasyon ng Islam. Batid natin na ang Allah (*Subhanahoo Wa Taala*) ay hindi nangangailangan ng

panalangin ninuman, sapagkat Siya ay walang pangangailangan. Ang anumang kabutihan na ating isagawa ay para sa sarili nating kapakanan; at anumang kasalanan na ating nagawa ay laban sa ating kaluluwa. Ang pagdarasal ay nagbubunga ng mataas na pananalig na magsisilbing matibay na panlaban sa kasamaan.

Bakit limang beses? (*Salah* sa madaling araw, tanghali, hapon, takipsilim at gabi). Dahil ito ay nagsilsilbing kadya't na tagapag-paalaala sa Lumikha sa atin at maipakita ang isang ganap na pagkakaisa, pagkakapantay-pantay at pagkakapatiran. Ang pagdarasal ay nagsisilbing bukal na mapagkukunan ng lakas upang tayo'y maging matatag, matiisin, punung-puno ng pagasa at pagtitiwala sa Kalooban Niya. Ayon sa isang hadith ni Propeta Mohammad (*Sumakanya Nawa ang Kapayapaan at ang Pagpapala*) ang pagdarasal ng limang beses ay magsisilbing panlinis sa ating mga nagawang mga kasalanan at kaniyang inihalimbawa na kung mayroon ilog sa harap ng ating bahay na ating pinaliliguan ng limang beses ay wala nang natitirang dumi sa ating katawan.⁷

⁷⁾ Sahih Al Bukhari Vol. 1 Hadith No.505

At higit sa lahat, ang bilang ng Salah na dapat na isagawa ng mananampalataya ay ipinahayag sa huling Sugo ng Allah (*Subhanahoo Wa Taala*).

3. **ZAKAT (Nagpapadalisay ng Kayamanan):** Ang malawak na kahulugan nito ay ang paglalaan ng taunang halaga o ano mang uri ng kayamanan ng mga mananampalataya na may kakayahan upang ipamigay sa mga karapat-dapat makinabang. Ito ay hinango sa Arabik na salitang ugat na ang kahulugan ay "Idagdag", "Paglago" at "Pagpalain". Na ang kasingkahulugan ng salitang "Sadaqah" (Kawanggawa) na isa sa mga ipinag-uutos ng Allah (*Subhanahoo Wa Taala*), Koran 9:103. Na kung ating lilimiin, ang literal na kahulugan nito ay ang pagpapakadalisay. Ngunit ang higit na ispiritual na kahulugan ng Zakah ay ang pagiging makatao at ang pagpapanatili o pangangalaga ng lipunan.

4. **SAWM (Ang Pag-aayuno):** Tuwing sasapit ang Buwan ng Ramadan; simula sa bukang-liwayway hanggang sa takipsilim, ang

mananampalataya ay umiiwas sa pagkain, inumin at pakikipagtalik sa asawa. Nagtuturo ito ng pagkamatapatin at pagsamba sa Allah (*Subhanahoo Wa Taala*).

Ang Hadith ay nagsasaad ayon sa salaysay ni Abu Hurairah⁸ na si Propeta Mohammad (*Sumakanya Nawa ang Kapayapaan at ang Pagpapala*) ay nagsabi:

Ang Allah (*Subhanahoo Wa Taala*) ay nagsabi: "Ang lahat ng gawa ng mga Anak ni Adam ay sa kanila, maliban sa pag-aayuno. Ito ay nabibilang sa Akin at ito ay Aking gagantimpalaan. Ang Pag-aayuno ay isang panangga (laban sa Impiyerno at laban sa paggawa ng kasamaan). Sinuman sa inyo ang nag-aayuno, nararapat siyang umiwash sa pakikipagtalik sa asawa at nararapat umiwash sa pakikipag-away. Kung mangyari mang may makipag-away sa kanya, hayaan siyang magsabi: "Ako ay nag-aayuno".

At ito ay ipinag-uutos ng Allah sa lahat ng sambayanang mananampalataya:

⁸) Sahih Muslim Vol. 2, Hadith No.2566

"O kayong mananampalataya!
يَا أَيُّهَا الَّذِينَ مَاءَلُوا كُبَّةَ عَلَيْكُمْ
أَلْقِيَامَ كَمَا كُبَّةٌ عَلَى الْأَرْبَعِينَ مِنْ
أَلْقِيَامِ لَتَكُونُ تَشْفُونَ
أَنْتُمْ لَمَّا كُبِّلْتُمْ عَلَيْكُمْ
عَلَيْكُمْ لَمَّا كُبِّلْتُمْ عَلَيْكُمْ
Ang pag-aayuno ay ipinag-uutos sa inyo gaya ng ipinag-utos sa mga nauna sa inyo upang kayo ay magkaroon ng pagpipigil sa sarili."

Kor'an 2:183

5. **Hajj (Ang Paglalakbay sa Makkah):** Ito ang ikalimang haligi ng Islam. Ito ay isinasagawa minsan sa buhay ng sino mang Muslim na may kakayahang tustusan ang paglalakbay at nasa mabuting kalusugan. Isa ito sa mga alituntunin na dapat isagawa ng mananampalataya upang tayo'y makapamuhay ng naayon sa kaloooban Niya (Kor'an 3:97). Ito ay taunang pinakamalaking pagtitipon-tipon ng mga Muslim sa lahat ng sulok ng mundo, magkakaiba man ng wika't lahi ay sama-samang tumutugon sa panawagan ng haliging ito ng Islam. At iisang tinig at salita ang binibigkas: (*Ang Talbiya*)

"Labbayik Allahumma Labbayik, Labbayika la sharika laka Labbayik, Innal-hamda wanni'amata, Laka walmulk, La-sharika lak."⁹

Ang iba't ibang lahi ay nagkakatipon-tipon, upang magkakilala at itaguyod ang Kapakanan ng lahat at ipakita ang isang ganap na pagkakapantay-pantay ng mananampalataya sa harap ng iisang pananampalataya - walang dili't iba kundi ang Islam.

⁹⁾ Narito ako, O Panginoon upang paglinkuran Kayo, Narito ako Panginoon sa Iyong lawag, at sumunod sa Iyong utos. Ikaw ay walang kahati, Narito ako upang paglinkuran kayo. Ang Lahat ng kapurihan at kaluwalhatian ay para sa Iyo. Ang lahat ng Kapangyarihan ay sa Iyo. At Ikaw ay walang kahati kaninuman.

PANGHULING SALITA

Nawa'y ang maikling babasahing ito ay magsilbing tanglaw at tulay tungo sa higit pa nating pangangailangan na malaman ang katotohanan tungkol sa itinuturo ng Islam.

At higit sa lahat ang papuri't pasasalamat ay sa Allah (*Subhanahoo Wa Taala*) lamang; ang Panginoon ng lahat. Nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ng Allah (*Subhanahoo Wa Taala*) ay mapasalahat ng Propeta; kay Propeta Mohammad (*Sumakanya Nawa ang Kapayapaan at ang Pagpapala*); sa kanyang pamilya, sa kanyang mga kasama at sa lahat ng taong nasa tamang landas hanggang sa Huling Araw.

At nawa'y ang aklat na ito ay makatulong sa pagpapalaganap ng Islam sa Sangkatauhan.

Ahmed- Arman L. Barcelon
September 1995

Para sa karagdagang impormasyon sa Islam, mangyaring
, magsadya tumawag o sumulat sa :

Islamic Da'awah & Guidance Center
AL-Ahsa / Hofuf 31982
P.O .Box : 2022
Tel : 03 -5866672 / Fax: 03 - 5874664
Kingdom of Saudi Arabia

O sa pinakamalapit na tanggapang pang-Islamiko
sa inyong pook.

كتاب تعال إلى الحق

المؤلف : أحمد بارسلون

اللغة : الفلبينية (تاجالوج)

الناشر : مكتب توعية الحاليات في الأحساء

محتويات الكتاب :-

١ - ما هو الإسلام .

٢ - أركان الإيمان .

٣ - أركان الإسلام .

كتاب تعال إلى الحق

تأليف

أحمد بارسلون



للمكتبة التعاضدية للدعوه والإرشاد ووعيية الجاليات
بالعليه السليمانيه عماليه